

PAGTATAYA SA KOMUNIKATIBONG KASANAYANG PANGWIKA NG MGA GURO SA FILIPINO

Clarisse D. Dragon¹

¹(Institute of Education, Polytechnic College of Botolan, Philippines)

ABSTRACT: Ang layunin ng pag-aaral na ito ay mataya ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino at nakabuo ng modelong ebalwasyon sa kahusayan sa wikang Filipino na tutulong sa pagpapal-unlad ng kanilang kakayahan sa gramatikang Filipino. Ginamit sa pag-aaral ang palarawang pamamaraan o descriptive method at paggamit ng mula sa siyamnapu't walong guro mula sa pampublikong paaralang sekondarya sa Zone 2, Dibisyon ng Zambales. Batay sa natuklasan ng pag-aaral, malaking bilang ng mga gurong tagatugon ay nasa katamtamang katandaan, babae, may units sa Masteral, Titser I, may eryang ispesyalisasyon na Filipino, at may hustong bilang ng palihang sinalihan, ang mga gurong tagatugon ay "Lubhang Mahusay" sa kasanayang pangwika, meryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko, Kakayahang Sosyolingguwistiko, Kakayahang Pragmatik at Istratediyik, at Kakayahang Diskorsal ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon, at ang mungkahing programang interbensyon ay ukol sa sulosyon para sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro. Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral at konklusyon, ang paaralan ay maaaring magsagawa ng pagsasanay ukol sa sa pagsulat ng akdang pampanitikan, Iminumungkahi sa mga tagapamanihala o prinsipal ng paaralan ang daliang pagbuo ng manual na programa hinggil sa paggamit ng dayalektong pangwika, maaaring magbuo ng diksyonaryo bilang solusyon sa matagumpay at mabisang pagkakaintindi, bigyang prayoridad ng mga tagapamanihala o prinsipal ng paaralan ang pakikiisa sa panuntunan sa kantidad, kalidad, relasyon at paraan ng kombensyon para sa mga guro, at magsagawa ng isa pang pag-aaral na may kahalintulad o kaugnay sa kasalukuyang pag-aaral upang makonpirmang ang resulta o kinalabasan nito.

Keywords : *Komunikatibong Kasanayang Pangwika, Interbensyon, Kakayahang Lingguwistiko, Kakayahang Sosyolingguwistiko, Kakayahang Pragmatik at Istratediyik, at Kakayahang Diskorsal*

I. INTRODUCTION

Nabubuhay ang tao na ang pangunahing sandata sa pagkilos sa araw-araw ay wikang kanyang sinasalita kung kaya't naging malaki ang ginagampangang papel nito sa buhay. Wika ang pangunahing instrumento na nagbubuklod sa mga tao hindi lamang sa pakikipagkomunikasyon kundi maging sa pagkilala ng kultura ng iba't ibang lipunan. Kung walang wika, tayo ay hahawak nalang, kukumpas, kikilos, sa halip na magsalita. Kung walang wikang naisulat, wala tayong pag-alam sa mga pangyayari sa loob at labas ng bansa.

Sa harap ng ganitong mga sitwasyon, hindi sapat na ang tao ay matuto lamang ng lengguwahe at makapagsalita, marapat na maunawaan at magamit nito ang wika nang tama. Mahalaga ring pagtuonan ng pansin ang kakayahan ng tao na magamit ang wika sa paraang komunikatibo. Ito ang kakayahan ng tao na magamit ang wika ayon sa pangangailangan nang wasto at angkop sa isang tiyak na gawain.

Sa pagpasok ng bagong kurikulum ng Filipino sa Senior High School, higit na pinagtuonan ng pansin ang bakit at paano sa paglinang sa mga kasanayang komunikatibo sa halip na ang tuon ay sa ano at sino. Kung gayon, sa bagong pananaw sa pagtuturo ng wika, higit na nakatuon ang pansin sa paglinang ng kakayahang komunikatibo kaysa sa simpleng kabatiran tungkol sa wika.

Sa Pilipinas, patuloy na naging suliranin kung bakit hindi magamit nang mabusa ng mga mag-aaral ang kayarian o gramatika at pagpapaliwanag kung papaano ang tamang paggamit ng wika sa aktwal napakikipagtalastasan. Binanggit ni Lozarita [1] na ang dahilan ay ang kahinaan ng pamamaraang istruktural sa pagtuturo ng wika sa pagtatamo ng kakayahang komunikatibo. Nakasalalay sa kanilang balikat ang hamon ng pagpapal-unlad ng kakayahang pangkomunikatibo ng mag-aaral.

Sa puntong ito, bago matutunan ng mga mag-aaral ang wika kinakailangan ang mahusay na kasanayang pangkomunikatibo ng gurong nagtuturo. Kung saan ang guro ay may sapat na kaalaman at hasang komunikatibong kasanayang pangwika, Dito lamang magkakaroon ng kahulugan at kabuluhan ang mga araling pangwika dahil nakita at nagamit ng mga mag-aaral sa awtentikong sitwasyon.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mataya ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino at makabuo ng modelong ebalwasyon sa kahusayan sa wikang Filipino na tutulong sa pagpapa-unlad ng kanilang kakayahan sa gramatikang Filipino. Ang pananaliksik na ito ay nakatulong upang mas lalong bigyang pagkakataon ang mga guro na makapagsanay at makadalo ng mga palihan na hahasa sa mga kasanayan ng mga guro. Nagsilbing daan din ito upang maunawaan ng mga namumuno ang kahalagahan ng pagtaguyod sa wikang Filipino at asignaturang Filipino. Ito rin ay ay makakatulong upang lubusang mapahusay ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro na magagamit nila hindi lamang sa pang-araw-araw na buhay bagkus lalo na sa pagtuturo at maging gabay sa kung ano ang angkop na gawain ang kanilang gagamitin upang mas mapadali ang kanilang pagtuturo at mas maging madali ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Paglalahad ng Suliranin

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay mataya ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino at nakabuo ng modelong ebalwasyon sa kahusayan sa wikang Filipino na tutulong sa pagpapa-unlad ng kanilang kakayahan sa gramatikang Filipino.

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon din na matugunan ang mga tiyak na katanungan:

1. Ano-ano ang propayl ng mga guro ayon sa:
 - 1.1 Edad;
 - 1.2 Kasarian;
 - 1.3 Posisyon;
 - 1.4 Pinakamataas na antas ng pinag-aralan;
 - 1.5 Erya nd Ispesyalisasyon; at
 - 1.6 Bilang ng palihang sinalihan?
2. Ano ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ayon sa:
 - 2.1 Kakayahang Lingguwistiko;
 - 2.2 Kakayahang Sosyolingguwistiko;
 - 2.3 Kakayahang Pragmatik at Istratediyik; at
 - 2.4 Kakayahang Diskorsal?
3. Ano ang makabuluhang pagkakaiba ng komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa propayl ng mga guro?
4. Ano ang mabubuonng modelo ng ebalwasyon sa kahusayan sa wikang Filipino?

Balangkas Teoretikal

Ang paniwala ni Hymes [2] sa kakayahang komunikatibo ay nagbigay ng isang pamamaraan para sa pagsusuri ng isang pangyayaring nag-uusap sa konteksto ng sosyo-kultural na kalagayan, na nagdadala ng pamamaraang antropolohikal sa wika. Kinikilala ng kanyang modelo ang iba't ibang mga kadahilanan na nakakaimpluwensya sa komunikasyon, tulad ng kung ano ang sasabihin, kailan sasabihin ito, kanino sasabihin ito, kung paano ito sasabihin, at sa anong hangarin.

Ang kakayahan na ito ay nakatuon sa mga pagpapaandar ng wika sa ilang mga tukoy na domain ng paggamit ng wika tulad ng pamimili, paglalakbay, bahay at bahay, pagkain, at inumin. Ang pagtuturo sa wika para sa kakayahang makipag-usap ay nagbawas sa paniwala ng komunikasyon ng Hymes sa isang limitado at nakapirming hanay ng mga paksang pang-sitwasyon, kung saan makikipagtagpo ang mag-aaral at magsasagawa ng mga kilos na nagkakomunikasyon tulad ng pagbibigay ng babala, pag-anyaya sa isang tao o paghingi ng tulong, sa loob ng mga itinakdang domain na gumagamit ng mga itinakdang parirala. Ang pokus nito ay naging isang nakatuon sa pagtingin sa wika kung saan ang mga limitadong tampok ng sitwasyong pang-sitwasyon ay ang punong-guro na nagpapasiya sa mga pagpipiliang pangwika na gagawin.

Ang pagbawas ng pagtuturo ng wika higit sa lahat sa konteksto ng sitwasyon ay naglilimita sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa papel na ginagampanan ng ating panlipunan at pangkulturang kapaligiran sa paggamit ng ating wika. Ang pagsasaalang-alang sa konteksto ayon sa itinakdang mga parameter ay ipinapalagay na ang mga patakaran para sa komunikasyon sa lipunan na ginamit sa isang sitwasyon ay pareho sa lahat ng mga sitwasyon ng ganoong uri. Tulad ng tradisyon ng Saussurean, ipinapalagay nito ang katatagan ng kahulugan. Hindi pinapansin ang hindi mahuhulaan na mga kaganapan sa pakikipag-usap at ang mga indibidwal na pagpipilian na maaari nating gawin sa aming mga pagsasalita upang tumugon sa konteksto. Maipapahayag na ang mga mag-aaral ay hindi bababa sa kakailanganin na malaman ang mga kombensyon na ginamit sa ilang mga setting ng pakikipag-usap, ngunit kahit na sa mga sitwasyong pinamamahalaan ng higit sa lahat ng mga kombensyon mayroon kaming kalayaan na kumilos alinsunod sa mga kombensyon o hindi. Tulad ng pagtatalo

ni Kress (1994: 176), kahit na ang isang desisyon na sumunod ay isang kilos na pinili, at dahil dito ay nagsasangkot ng isang 'bagong paggawa ng kahulugan ng pagsunod'.




Figura 1. Modelo ng Komunikatibong Kakayahan

Gayunpaman, hindi lamang ang limitadong interpretasyon ng Hymes [2] ang bumubuo ng pagtingin sa kakayahang makipag-usap sa wika na siyang problema. Naniniwala ako na ang kanyang modelo, habang tumutulong sa amin na maunawaan ang napakahalagang papel ng agarang konteksto, o ang konteksto ng sitwasyon, ay hindi kumpletong tinutugunan ang ideya ng pagiging kumplikado ng kultura. Kahit na ang mga kulturang kombensyon ay tinutugunan sa pamamagitan ng mga parameter ng 'norm' (mga panuntunang panlipunan) at 'genre' (masasabing isang pananaw sa lipunan ng teksto), hindi nito kinukwestyon o isinasaalang-alang ang mas malawak na pagtingin sa 'konteksto ng kultura', na binubuo ng mas malawak impluwensyang panlipunan at mga puwersang pang-ideolohiya at diskurso [3]. Isinaalang-alang ng Hymes ang ideolohiya sa kanyang huling trabaho, na tatalakayin ko sa susunod na kabanata, ngunit ang gawaing iyon ay walang epekto sa pagtuturo ng wika.

Ang dalawang paniwala ng konteksto ay nagmula sa anthropologist na si Malinowski [4]. Kramsch glosses ang ideya ni Malinowski [4] tungkol sa 'konteksto ng sitwasyon' bilang 'agarang pisikal, spatial, temporal, at panlipunang kapaligiran kung saan nagaganap ang verbal exchange' (1998: 126). Sa katunayan, ito ay katulad ng mga parameter ng Hymes[2] na namamahala sa kakayahang makipag-usap. Ngunit upang maunawaan nang lubos ang kahulugan, kailangan ding isaalang-alang ang konteksto ng kultura, nagtalo si Malinowski, na, tulad ng sinipi ni Kramsch na si Malinowski, ay nangangahulugang pagsasaalang-alang sa 'ekonomiya ng tribo, samahang panlipunan, mga pattern ng pagkakamag-anak, mga ritwal ng pagkamayabong, pana-panahong ritmo, mga konsepto ng oras at kalawakan. Habang ito ay nauugnay sa isang tradisyonal na antropolohikal at static na pagtingin sa kultura, ang ideya ng konteksto ng kultura ay maaaring magsama ng isang pang-post na konstruksyonistang pagtingin sa kultura. Ang layunin ng pagkamit ng kakayahang makipag-usap sa pag-aaral ng wika ay napalitan na ngayon ng paniwala ng Intercultural Communicative Competence [5].

Walang Bisang Pala-palagay

Walang makabuluhang pagkakaiba ng komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa propayl ng mga guro.

II. METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng Palarawang pamamaraan o descriptive method. Palarawang pamamaraan sapagkat ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan. Ayon kay Feliciano[6] ang palarawang pananaliksik ay pag-aaral sa kasalukuyang ginagawa at mga isyu na importante sa tao. Ang mga mananaliksik sa uring ito ng pananaliksik

ay nagsagawa ng mga sarbey na nagpapaliwanag sa naging pakahulugan sa mga datos na nakalap. Ayon naman kay Sevilla [7] ang paggamit ng palarawang pamamaraan, bilang kabuuang pangangalap ng datos at tala na naglalayon masubok ang haka o palagay o kaya ay kasagutan sa tanong hinggil sa kasalukuyang kalagayan ng paksang pinag-aaralan.

Kaugnay nito, ayonsa pananaliksik nina Aragon, Eddy, at Graham[8], ang deskriptibong pananaliksik ay ipinapaliwanag ang tanong na “ano”. Nakapaloob dito ang deskripsyon, pagrerekord, pag-aanalisa at interpretasyon ng kapaligiran, komposisyon o proseso ng isang phenomona.

Kung kaya’t sa pag-aaral na ito ay nangangailangan ng pagsisiyasat ng makatotohanang impormasyon na maglalaman ng datos o masusuring impormasyon sapagkat nilalagom ng pag-aaral ang layuning mataya ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino sa Zone 2, Dibisyon ng Zambales.

Mga Tagatugon at Lugar ng Pananaliksik

Sinaklaw ng pag-aaral na ito bilang mga tagatugon ay ang mga guro na nagtuturo ng Filipino mula sa mga paaralang sekondarya ng Palauig, Iba at Botolan, Zambales, taong panuruan 2020-2021.

Makikita sa talahanayan 1 na mayroong siyamnaput’walong (98) guro mula pampublikong paaralang sekondarya sa Zone 2, Dibisyon ng Zambales ang magiging tagatugon para sa isinasagawang pananaliksik.

Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay pumili sa pamamagitan ng convenience sampling. Ibig sabihin, ang lahat ng guro ng asignaturang Filipino ay isinaalang-alang upang magkaroon ng partipasyon sa pag-aaral na ito. Gayunman, dahil sa limitadong oras ng mananaliksik, maaaring may mga gurong hindi makapagsumite ng kanilang mga talatanungan o survey form.

Talahanayan Bilang 1
Distribusyon ng mga Gurong Tagatugon mula sa Zone 2, Dibisyon ng Zambales

Paaralang Sekondarya	Bilang	Bahagdan
Rofulo M. Landa High School	6	6.12
Locloc National High School	6	6.12
San Agustin Integrated School	4	4.08
Amungan National High School	6	6.12
Zambales NHS – Jesus F. Magsaysay High School Annex	3	3.06
Zambales National High School	20	20.41
Bancal Integrated School	2	2.04
Botolan National High School	12	12.24
Beneg National High School	4	4.08
Baquilan Resettlement High School	5	5.10
Lakas High School	3	3.06
Loob Bunga High School	8	8.16
Dojoc Balite Integrated School	6	6.12
New Taugtong National High School	6	6.12
Panan National High School	7	7.14
KABUUAN	98	100.00

Instrumento ng Pag-aaral

Sa pangangalap ng datos ng pag-aaral na ito ay gumamit ng talatanungan. Gumawa ang mananaliksik ng mga katanungan, kukunin at bubuun ang mga katanungan buhat sa iba’t ibang babasahin, internet at sa ibang papel pananaliksik. Ipinatsek sa kanyang tagapayo at ipinabalideyt sa mga eksperto.

Ang talatanungan ay nahati sa dalawang bahagi: Unang bahagi, ay ang propayl ng mga gurong tagatugon at ikalawang bahagi, ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ayon sa: kakayahang Linguwistiko, kakayahang Sosyolingguwistiko, kakayahang Pragmatiko at Istratediyik at kakayahang Diskorsal.

Bago ipinamahagi ang talatanungan, nagsagawa ng balidasyon ng talatanungan. Ang talatanungan ay sinubukang ipasagot sa mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Cabangan National High School na hindi tuwirang kasama sa tagatugon. Anumang kalituhan ang nakita sa ipanamudmod na talatanungan ay agad isanaayos sa

pagsasagawa ng pinal na talatanungan na ibibigay sa mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino mula sa mga paaralang sekondarya ng Palauig, Iba at Botolan, Zambales na siyang ginamit ng mananaliksik sa isinasagawang pananaliksik.

Pangangalap ng Datos

Pagkatapos na maiwasto ang lahat ng mga suhestiyon sa talatanungan, gumawa ang mananaliksik ng liham na humihingi ng pahintulot sa Pansangay na Tagapamanihala ng mga paaralan at sa mga punongguro ng paaralan upang maipamigay ang mga talatanungan sa mga guro na tutugon sa pag-aaral na ito. Humingi rin ng tulong sa iba pang mga guro para sa pag-administer ng pagsagot sa mga talatanungan. Nang matapos na ang lahat at nasagot na ang lahat ng talatanungan, sinimulan na ng mananaliksik ang pag-tally sa mga nakalap na datos. At sa gabay ng isang eksperto sa istadistika, sinimulan na ang pag-aanalisa sa mga nakalap na datos gamit ang kaukulang statistical treatment.

Pag-aanalisa sa mga Datos

Ang nakalap na datos sa pananaliksik na ito mula sa mga tagatugon ay isanaayos upang mapabilis at mabigyang-linaw ang pagsusuring istatistiko at mataya ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa Filipino sa Zone 2, Dibisyon ng Zambales na kumpletong inilahad sa pamamagitan ng talahanayan.

Ang mga nakalap na datos ay dumaaan sa ilang prosesong pang-istadistika kagaya ng bahagdan, mean, F-test.

III. ANG RESULTA NG PANANALIKSİK

1. Profayl ng mga Tagatugon

Ipinapakita sa talahanayan bilang 2 ang profayl ng mga tagatugon ayon kanilang edad, kasarian, posisyon, pinakamataas na antas ng pinag-aralan, eryang ispesyalisasyon, at bilang ng palihang sinalihan.

Talananayan Bilang 2
Distribusyon ng Profayl ng mga Tagatugon

Profayl Baryabols	Bilang	Porsiyento
Edad	60 Pataas	1.00
Mean = 35.47 o 35 taong gulang	55-59	3.10
	50-54	1.00
	45-49	9.20
	40-44	12.20
	35-39	12.20
	30-34	41.80
	25-29	18.40
	20-24	1.00
Total	98	100.00
Kasarian	Lalaki	25.50
	Babae	74.50
Total	98	100.00
Posisyon	Master Titser I	4.10
	Titser III	20.40
	Titser II	36.70
	Titser I	38.80
Total	98	100.00
Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan	May units sa Doctoral	17.30
	Masteral Degree	3.10
	May units sa Masteral	50.00
	Baccalaureate	29.60
Total	98	100.00
Eryang Ispesyalisasyon	Filipino	38.80
	Science	3.10
	Mathematics	1.10
	English	13.30
	Edukasyon sa Pagpapahalaga (ESP)	1.00
	Technology and Livelihood Education (TLE)	18.40
	Araling Panlipunan (AP)	24.50
Total	98	100.00
Bilang ng Palihang Sinalihan	9 Pataas	22.40
	6-8	21.40
	3-5	41.80
Mean = 4.05 o 4	0-2	14.30
Total	98	100.00

1.1. Edad. Karaniwan sa mga tagatugon ay mula sa edad na 30-34 taong gulang na mayroong 41 o katumbas na 41.80%; 12 o katumbas na 12.20% para sa edad na 40-44 taong gulang; 12 o katumbas na 12.20% para sa edad na 35-39 taong gulang; 9 o katumbas na 9.20% para sa edad na 45-49 taong gulang; 18 o katumbas na 18.40% para sa edad na 25-29 taong gulang; 1 o katumbas na 1.00% para sa edad na 50-54 taong gulang; 1 o katumbas na 1.00% para sa edad na 60 pataas; at 3 o katumbas na 3.10% para sa grupo ng edad na 55-59 at 1 o katumbas na 1.00% para sa edad na 20-24 taong gulang. Ang nakompyut na mean ng edad ay 35.47 o katumbas na 35 taong gulang. Pinapakita sa mga datos na ang mga gurong-tagatugon ay napapabilang sa maagang pagkatanda na nagmumula sa edad na 30-34. Sila ay may katangian na nakapukol ang atensyon sa panibagong responsibilidad sa buhay tulad ng pagiging anak, asawa at nag-iisip sap ag-kabuhayan.

1.2. Kasarian. Karamihan sa mga tagatugon ay babae na may kabuuang bilang na 73 o katumbas na 74.50%, samantala 25 o katumbas na 25.50% ay mga lalaki. Pinatutunayan na sa panahong ito na ang pagtuturo ay isang gawaing pangkababaihan hindi katulad noong araw na higit na nakakarami ang mga lalaki. Natuon ang pansin ng mga kalalakihan sa gawaing bukid, pangingsida at gawaing pangibang bansa. Samantala ang mga kababaihan ay nakitaan ng katangian na pagiging matiyaga, matiisin at may malaking pagmamahal sa mga mag-aaral bilang isang ina.

1.3. Posisyon. Higit na nakararami sa mga taga-tugon ay Titser I na may bilang na 38 o katumbas na 38.80%; 36 o katumbas na 36.70% ay Titser II; 20 o katumbas na 20.40% ay Titser III; at 4 o katumbas na 4.10% ay Master Titser I. Pinatutunayan sa pag-aaral na karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay baguhan at may oportunidad na magkaroon ng mataas ba ranggo o posisyon sa Kagawaran ng Edukasyon.

1.4. Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan. Para sa kabuuang isang daang (98) gurong tagatugon, higit na nakararami sa kanila na may 49 o katumbas na 50.00% ay may yunits sa Masteral; 29 o katumbas na 29.60% ay Baccalaureate; 17 o katumbas na 17.30% ay may units sa Doctoral. Sa malaking porsiyento ang mayroong yunits sa Masteral at kasalukuyang nag-aaral ay patunay na tumataas ang kwalipikasyon sa pagtuturo. Ang panggradwadong pag-aaral ay hindi lamang upang tumaas ang sahod kundi ito rin ay pamantayan para sap ag-unlad o promosyon sa knilang hanay. Hindi ninanais ng mga guro na magtatapos ang kanilang propesyon sa pagtuturo bilang Teacher 1 lamang.

1.5. Eryang Ispesyalisasyon. Karaniwan sa mga tagatugon ay may eryang ispesyalisasyon na Filipino na mayroong bilang na 38 o katumbas na 38.80%; 24 o katumbas na 24.50% ay may eryang ispesyalisasyon na Araling Panlipunan (AP); 18 o katumbas na 18.40% ay may eryang ispesyalisasyon na Technology and Livelihood Education (TLE); 13 o katumbas na 13.30% ang may eryang ispesyalisasyon na English; 3 o katumbas na 3.10% ang may eryang ispesyalisasyon na Science; at 1 o katumbas na 1.00% ang may eryang ispesyalisasyon na Mathematics at Edukasyon sa Pagpapahalaga (ESP). Pinapatunayan ng pag-aaral na ito na ang nagtuturo ng Filipino ay kanilang medyor subalit mayroon pa ring pinahihintulutan na magturo kahit sila ay ibang medyor sa kadahilanang sila ay binigyan ng pagkakataon noon na magturo at manatili na rito ng mahabang panahon. Ang mahabang panahong eksperensiya ay nagsisilbing batayan na sila ay manatiling magturo sa Filipino.

1.6. Bilang ng Palihang Sinalihan. Mayroong bilang na 41 o katumbas na 41.80% na mga tagatugon na may 3-5 palihang sinalihan; 22 o katumbas na 22.40% ang may palihang sinalihan na 9 pataas; at 21 o katumbas na 21.40% ang may 6-8 palihang sinalihan; at 14 o katumbas na 14.30% ang may palihang sinalihan. Ang nakompyut na mean ng palihang sinalihan ay 4.05 na may katumbas na 4 bilang ng palihang sinalihan. Binibigyang tibay sa pag-aaral na ang mga guro sa Filipino ay may mga palihang dinadaluhan upang mapaunlad ang kanilang kaalaman sa kanilang itinuturo. Inilalahad din na ang mga gurong tagatugon ay sadyang dumadalo sa mga palihan hindi lamang para sa promosyon bagkus ay makakuha ng bagong kaalaman o ekperensiya para sa ikabubuti at ikakaunlad ng kanilang gawaing pampagtuturo.

2. Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Guro

2.1 Kakayahang Lingguwistiko

Ang Talahanayan bilang 3 ay nagpapakita ng komunikatibong kasanayang panwika ng mga tagatugon ayon sa Kakayahang Lingguwistiko.

Ayon sa mga tagatugon, sila ay “Lubhang Mahusay” sa “2. Pagbibigay ng isang malinaw at mahusay na paliwanag ng kanilang sariling kaalaman at ideya” batay sa nakalap na weighted mean na 3.36 (rangko bilang 1) samantala ang pinakahuli ay ang kanilang kakayahan sa “10. Pagsulat ng akdang pampanitikan na may pagsunod sa istrukturang wika at tuntunin ng balarila” na mayroong mean na 3.03 na may interpretasyong “Mahusay” (rangko bilang 10). Sa kabuuan, ang mga tagatugon ay “Lubhang Mahusay” sa komunikatibong kasanayang pangwika ayon sa Kakayahang Lingguwistiko na nagkamit ng kabuuang mean na 3.29.

Talahanayan Bilang 3

Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Tagatugon ayon sa Kakayahang Lingguwistiko

	KAKAYAHANG LINGGUWISTIKO	Weighted Mean	Interpretasyon	Rangko
1	Gumagamit ng angkop na paggamit ng wika, tulad ng wastong paggamit ng mga panghalip, pangngalan, pandiwa at pang-uri.	3.24	Mahusay	9
2	Nagbibigay ng isang malinaw at mahusay na paliwanag ng kanilang sariling kaalaman at ideya.	3.36	Lubhang Mahusay	1
3	Natutukoy at nagagamit ng angkop ang paliwanag, pagtatalo, pagwawasto, pagtangga at puna.	3.33	Lubhang Mahusay	3
4	Nabibigyang-diin sa pagtatanong bilang kagamitan sa komunikasyon at replektibong komunikasyon.	3.32	Lubhang Mahusay	5.5
5	Gumagamit ng sapat na kaalaman sa mga patakaran ng ponolohiya, morpolohiya, gramatika, at leksikal	3.32	Lubhang Mahusay	5.5
6	Gumagamit ng angkop na bokabularyo sa iba'tibang mga sitwasyon sa komunikasyon, at paggamit ng angkop na haba at kumplikadong mga pangungusapna may angkop na prosodi.	3.32	Lubhang Mahusay	5.5
7	Gumagamit ng angkop na intonasyon, diin at tono sa pagsasalita.	3.34	Lubhang Mahusay	2
8	Gumagamit ng wasto at angkop nas alita sa pagpapahayag ng kaalaman.	3.30	Lubhang Mahusay	8
9	Bumubuo ng epektibong salita at pagbabaybay sa pagsulat at pagsasalita.	3.32	Lubhang Mahusay	5.5
10	Sumusulat ng akdang pampanitikan na may pagsunod sa istrukturang wika at tuntunin ng balarila.	3.03	Mahusay	10
Overall Weighted Mean		3.29	Lubhang Mahusay	

Sa pag-aaral ni Richards [9], ang isang guro para epektibong makapagturo ay kinakailangang mahusay ang kakayahan sa lingguwistiko ng wika. Kabilang dito ang kakayahang magbigay ng magagandang huwaran sa wika, upang mapanatili ang paggamit ng target na pananalita sa silid-aralan, magbigay ng wastong feedback sa wikang mag-aaral, at magbigay ng input sa angkop na antas ng kahirapan. Ang pag-aaral kung paano isakaturuan ang mga aspetong ito ng aralin sa Filipino ay mahalagang sukatan ng pag-aaral ng guro para sa mga taong ang wikang sinuso ay hindi Filipino.

2.2 Kakayahang Sosyolingguwistiko

Ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga tagatugon ayon sa Kakayahang Sosyolingguwistiko ay ipinapakita sa Talahanayan bilang 4.

Ayon sa mga tagatugon, sila ay “Lubhang Mahusay” sa “2. Napapanahon at madiskarteng paggamit ng wikang sinasalita para sasilid-aralan at pamamahalang pag-uugaling mag-aaral” batay sa nakalap na weighted mean na 3.39 (rangko bilang 1) samantala ang pinakahuli ay ang kanilang kakayahan sa “5. Sensetibo sa paggamit ng dayalekto at barayting wika sa pagtuturo” na mayroong mean na 3.24 na may interpretasyong “Lubhang Mahusay” (rangko bilang 10).

Sa kabuuan, ang mga tagatugon ay “Lubhang Mahusay” sa komunikatibong kasanayang pangwika ayon sa Kakayahang Sosyolingguwistiko na nagkamit ng kabuuang mean na 3.31. Pinatutunayan ng datos na ayon kay Sarimsakova [10] na ang mga gurong nagtuturo ng wika ay may kakayahang mahusay dala ng kanilang sosyal na istatus. Ayon na rin sa mga siyentipiko, ang istruktura ng komunikasyon sa kabuuan ng kaalaman at kakayahang magbigay nang may epektibong proseso ng komunikasyon. Kung ang pagsasalita tungkol sa komunikasyon, tulad ng Levitan [11] ay naniniwala, inaakala ng gayong uri ng pagsasanay na pamantayan ng pakikipag-ugnayan sa iba pang mga kalahok sa komunikasyon, na kinakailangan para sa sapat na pagsasakatuparan ng komunikasyon sa konteksto ng kanilang mga kakayahan.

Talahanayan Bilang 4

Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Tagatugon ayonsa Kakayahang Sosyolingguwistiko

KAKAYAHANG SOSYOLINGGUWISTIKO		Weighted Mean	Interpretasyon	Rangko
1	Gumagamit ng angkop na mga pagkilala at pagtawag na gagamitin sa mga mag-aaral at iba pang mga indibidwal.	3.29	Lubhang Mahusay	9
2	Napapanahon at madiskarteng paggamitng wikang sinasalita para sasilid-aralan at pamamahalang pag-uugaling mag-aaral	3.39	Lubhang Mahusay	1
3	Nasusunod ang kaalaman kung paano isaalang-alang ang mga tagapakinig, kung paano suriin ang antas ng kaalaman ng mg atagapakinig, kung paano magbigay ng kalinawan tungkol sa mga bagong termino at upang buod ang mga pangunahing ideya at kung paano gawing malinaw ang kanilang inilaan na plano para sa komunikasyon	3.31	Lubhang Mahusay	3
4	Nagbibigay ng kaaalaman at kabatiran sa mga nakikinig natiyak at tuwiran.	3.31	Lubhang Mahusay	5.5
5	Sensetibo sa paggamit ng dayalekto at barayting wika sa pagtuturo.	3.24	Lubhang Mahusay	5.5
6	Gumagamit ng makatwirang pagsasalaysay o paglalarawan bilang tanda ng pagbibigay-diin sa punto ng pakikipag-usap.	3.30	Lubhang Mahusay	5.5
7	Naiiangkop ang kakayahang makipag-usap nang epektibo habang ginagamit ang wika at matagumpay na maihatid ang kahulugan.	3.34	Lubhang Mahusay	2
8	Naiiangkop ang salita ayon sa paksa bilang kakayahang magproseso.	3.31	Lubhang Mahusay	8
9	Nagagamit at nakatutugon ng may malawak na kaalaman hinggil sarehistrong wika.	3.27	Lubhang Mahusay	5.5
10	Naiiangkop ang kombensiyon at kilos sa pakikipag-usap.	3.32	Lubhang Mahusay	10
Overall Weighted Mean		3.29	Lubhang Mahusay	

2.3 Kakayahang Pragmatik at Istratedyik

Ang Talahanayan bilang 5 ay nagpapakita ng komunikatibong kasanayang panwika ng mga tagatugon ayon sa Kakayahang Pragmatik at Istratedyik.

Ayon sa mga tagatugon, sila ay “Lubhang Mahusay” sa “2. Paggamit ng angkop na kumpas ng kamay sa pagpapahayag ng punto o pagpapaliwanag ng ideya” batay sa nakalap na weighted mean na 3.36 (rangko bilang 1) samantala ang pinakahuli ay ang kanilang kakayahan sa “3. Pagtugon sa suliraning pangkomunikasyon na humahadlang sa matagumpay na pagpapahayag o mabisang pagkakaintindi” na mayroong mean na 3.24 na may interpretasyong “Lubhang Mahusay” (rangko bilang 9.5). Sa kabuuan, ang mga tagatugon ay “Lubhang Mahusay” sa komunikatibong kasanayang pangwika ayon sa Kakayahang Pragmatik at Istratedyik na nagkamit ng kabuuang mean na 3.30

Ayon pa rin sa pag-aaral ni Sarimsakova[10], sa pagbubuo ng komunikasyon kahusayan ng mga mag-aaral sa mga banyagang wika ay kinabibilangan ng organisasyon ng mga laro ng dokumento, na kung saan ay may mga sumusunod na function: motibo - insentibo; pagsasanay, pedagogic, ay nakatuon alinsunod sa partikular na sitwasyon ng pagsasalita ng komunikasyon; compensatory. Ang paggamit ng iba't ibang anyo ng organisasyon ng paglalaro ng aktibidad ay depende sa layunin at layunin, mga anyo ng pagkaunawa at pagiging kumplikado ng laro. Sa pamamagitan ng hugis at kalikasan ng organisasyon ang mga laro ay nahahati sa paksa, verbal, may isang plot, papel, intelektuwal na "puzzle, crosswords at iba pa. Kasabay nito ang indibiduwal, pares at grupo ng mga uri ng organisasyon ng edukasyon ay ibinibigay, na naglalayong makipag-ugnayan sa teksto o kasosyo ng pakikipag-ugnayan. Ang paglalaro ng mga anyo ng organisasyon ng pang-edukasyon ng mga mag-aaral ay naglalayong matutuhan ang iba't ibang aspeto ng pananalita (gramatika, lexical at stylistic).

Talahanayan Bilang 5
Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Tagatugon ayon sa Kakayahang Pragmatik at Istratedyik

	KAKAYAHANG PRAGMATIK AT ISTRATEDYIK	Weighted Mean	Interpretasyon	Rangko
1	Gumagamit ng angkop na ekspresyon ng mukha kapag nagsasalita.	3.29	Lubhang Mahusay	1
2	Gumagamit ng angkop na kumpas ng kamay sa pagpapahayag ng punto o pagpapaliwanag ng ideya.	3.36	Lubhang Mahusay	2
3	Tumutugon sa suliraning pangkomunikayon na humahadlang sa matagumpay na pagpapahayag o mabisang pagkakaintindi.	3.24	Lubhang Mahusay	3
4	Gumagamit ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman.	3.26	Lubhang Mahusay	4
5	Gumagamit ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman ayon sa uri at sitwasyon ng komunikasyon.	3.32	Lubhang Mahusay	5
6	Gumagamit ng angkop na bantas sa pagsulat.	3.28	Lubhang Mahusay	6
7	Pumipiling wastong salita sa pagbuo ng teksto o pakikipag-usap.	3.29	Lubhang Mahusay	7
8	Gumagamit ng wika sa isang naaangkop na paraan kapag pinag-uugnay ang isang partikular na konteksto at kultura.	3.28	Lubhang Mahusay	8
9	Nakikilala ang mga biro at pagpapadaloy ng usapan.	3.30	Lubhang Mahusay	9
10	Nakatutugon ng may paggalang sa mga papuri o paumanhin.	3.35	Lubhang Mahusay	10
Overall Weighted Mean		3.31	Lubhang Mahusay	

2.4 Kakayahang Diskorsal

Ang komunikatibong kasanayang panwika ng mga tagatugon ayon sa Kakayahang Diskorsal ay ipinapakita sa Talahanayan bilang 6.

Ayon sa mga tagatugon, sila ay “Lubhang Mahusay” sa “8. Kakayahan sa pagpapakilala sa pagpapalitan ng pahayag” batay sa nakalap na weighted mean na 3.34 (rangko bilang 1.) samantala ang pinakahuli ay ang kanilang kakayahan sa “9. Pakikiisa sa panuntunan hinggil sa kantidad, kalidad, relasyon, at paraan ng kombensyon” na mayroong mean na 3.26 na may interpretasyong “Lubhang Mahusay” (rangko bilang 10). Sa kabuuan, ang mga tagatugon ay “Lubhang Mahusay” sa komunikatibong kasanayang pangwika ayon sa Kakayahang Diskorsal na nagkamit ng kabuuang mean na 3.30.

Sa pag-aaral nina Lenchuk at Ahmed [12], sa kakayahang diskorsal, ito ay binuo sa isang paraan na katulad ng pagbabago sa balarila na kung saan ang mga mag-aaral ay hinihikayat na isapuso ang gramatika, telepono, at lexical system ng target na pananalita. Ang pedagogy na ito ay kasangkapan sa Pagtuturo ng Komunikasyon (CLT), na batay sa teoretikal na palagay na nakakamalay sa isang malinaw na pagtuturo ng mga porma ng wika ay hindi kinakailangang magtaguyod ngikalawang wikang mag-aaral mula sa pagkuha ng katutubong tulad ng kagalingan, at ang kahusayan ay mahalagang bahagi ng kahulugan batay sa pagtuturo ng Filipino. Kung ang isang tagapagturo ng wika ay may kakayahang diskorsal ay makakatulong ito para mas mapadali ang pagpapaunlad o paglinang ng kakayahang ng kanyang mga mag-aaral. Hindi lingid sa kaalaman ng mga marami na ang pagtuturo ng wika ay hindi biro lalo an kung ito ay nangangailangan ng mahusay na ksanayan. Sa kinalabasan ng pag-aaral, pinapatunayan nito na ang kahusayan ng mga gurong tagatugon ay Lubhang mahusay na nagagamit nila sa kanilang pagtuturo.

Talahanayan Bilang 6

Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Tagatugon ayon sa Kakayahang Diskorsal

KAKAYAHANG DISKORSAL		Weighted Mean	Interpretasyon	Rangko
1	Gumagamit ng wika sa pagsasalita upang maisulong ang paghahambing, pagbabahagi, at paglilinaw ng mga konsepto at mga paniwala.	3.29	Lubhang Mahusay	1
2	Sumulat ng iba't-ibang teksto, pasalita man o pasulat na may hustong kayarian.	3.35	Lubhang Mahusay	2
3	Naiuugnay ang tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto batay sa kategorya ng tula	3.24	Lubhang Mahusay	3
4	Naiuugnay ang tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto batay sa kategoryang pagsasalaysay	3.26	Lubhang Mahusay	4
5	Sumusulat ng argumentatibong salaysay na nailalapat ang tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto	3.32	Lubhang Mahusay	5
6	Nauunawa at nakapag pahayag ng isang tiyak na wika.	3.28	Lubhang Mahusay	6
7	Kakayahang makibahagi sa isang kumbensyon.	3.29	Lubhang Mahusay	7
8	Kakayahan sa pagpapakilala sa pagpapalitan ng pahayag.	3.28	Lubhang Mahusay	8
9	Nakiisa sa panuntunan hinggil sa kantidad, kalidad, relasyon, at paraan ng kombensyon.	3.30	Lubhang Mahusay	9
10	Napagdidikit ang kahulugan ng mga pangungusap o pahayag sa paraang pasalita o pasulat.	3.35	Lubhang Mahusay	10
Overall Weighted Mean		3.30	Lubhang Mahusay	

3. Pagsukat ng Pagkakaiba sa Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Guro ayon sa Profayl ng mga Tagatugon

Kakayahang Lingguwistiko. Ang Analysis of Variance sa pagsukat ng pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko ayon sa Profayl ay ipinapakita sa Talahanayan bilang 7.

Maryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon (Sig. = 0.000) at bilang ng palihang sinalihan (Sig. = 0.022) na mas maliit (<) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap.

Samantala, walang pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko ayon sa kanilang edad (Sig. = 0.286), kasarian (Sig. = 0.964), posisyon (Sig. = 0.613), at pinakamataas na antas ng pinag-aralan (Sig. = 0.264) na pawang mas mataas (>) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay tanggap.

Pinatutunayang sa mga nakalap na datos na walang kaibahan ang komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko ayon sa kanilang edad. Nabatid na ang kakayahang lingguwistiko ay nalilintang sa anumang edad ng isang tao. Ang bagay na ito ay may kaugnayan sa pag-aaral ni Schneider, Avivi-Reich, at Daneman, [13] na ang kontribusyon ng kaalamang bokabularyo at paggamit ng wika sa pakikipagkomunikasyon ay wala sa edad ng guro ng nagtuturo.

Kakayahang Sosyolingguwistiko. Maryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Sosyolingguwistiko ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon (Sig. = 0.000) na mas maliit (<) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap.

Samantala, walang pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Sosyolingguwistiko ayon sa kanilang edad (Sig. = 0.615), kasarian (Sig. = 0.657), posisyon (Sig. = 0.383), pinakamataas na antas ng pinag-aralan (Sig. = 0.490), at bilang ng palihang sinalihan (Sig. 0.155) na pawang mas mataas (>) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay tanggap.

Talahanayan Bilang 7
Analysis of Variance sa Pagsukat ng Pagkakaiba sa Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga
Guro ayon sa Profayl

Sources of Variations		F	Sig.	Interpretation
Kakayahang Lingguwistiko	Edad	1.078	0.286	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Kasarian	0.002	0.964	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Posisyon	0.605	0.613	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan	1.348	0.264	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Eryang Ispesyalisasyon	6.024	0.000	Di-Tanggap ang Ho May Pagkakaiba
	Bilang ng Palihang Sinalihan	3.376	0.022	Di-Tanggap ang Ho May Pagkakaiba
Kakayahang Sosyolingguwistiko	Edad	0.788	0.615	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Kasarian	0.198	0.657	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Posisyon	1.030	.383	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan	.812	0.490	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Eryang Ispesyalisasyon	6.854	0.000	Di-Tanggap ang Ho May Pagkakaiba
	Bilang ng Palihang Sinalihan	1.789	0.155	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
Kakayahang Pragmatik at Istratedyik	Edad	1.792	0.089	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Kasarian	0.006	0.937	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Posisyon	0.206	0.892	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan	0.255	0.857	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Eryang Ispesyalisasyon	3.182	0.007	Di-Tanggap ang Ho May Pagkakaiba
	Bilang ng Palihang Sinalihan	0.860	0.465	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
Kakayahang Diskorsal	Edad	0.938	0.489	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Kasarian	0.040	0.842	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Posisyon	0.366	0.778	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Pinakamataas na Antas ng Pinag-aralan	0.565	0.639	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba
	Eryang Ispesyalisasyon	5.670	0.000	Di-Tanggap ang Ho May Pagkakaiba
	Bilang ng Palihang Sinalihan	1.460	.230	Tanggap ang Ho Walang Pagkakaiba

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang erya ng ispesyalisasyon ay may malaking papel sa kasanayang pangkomunikatibong pangwika ng mga gurong tagatugon. Ang kasanayang sosyolingguwistiko ay hindi madaling gawain. Hindi sapat na maituro lamang ng isang guro kung ano ang mga aralin/aksang nakapaloob sa kasanayang Sosyolingguwistiko kundi paano niya ito maituturo at matututunan ng kanyang mga mag-aaral ang kasnanyang ito. kaya nga na sinasabi na ang erya ng ispesyalisasyon ay may malaking kinalaman sa kakayahang Sosyolingguwistiko. Kung saan kapag hindi sapat ang kaalaman sa wikang itinuturo maging sa kultural na kalagayan at

pinagmulan ng wika, magkakaroon ito ng mababang paglinang sa kasanayan ng mga mag-aaral. Ang paraan ng isang guro sa kanyang pananaw at n pagtingin sa kung ano ang mabuting paraan sa pagpapaunlad ng kasanayan ay sumasalamin sa kanyang pinag-aralan at sa kultura at personal na kakayahan, ang konteksto kung saan siya ay nagtatrabaho, at ang uri ng mga mag-aaral sa kanyang klase. Parasa ganitong sitwasyon, ang dahilan ng katagumpayan sa pagtuturo ay nasa pinag-aralan nito sa sitwasyong naiintindihan at bihasa siya sa kasayang kanyang nililining nauunawaan sa loob ng isang partikular na konteksto [9].

Kakayahang Pragmatik at Istratediyik. Maryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Pragmatik at Istratediyik ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon (Sig. = 0.007) na mas maliit (<) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap.

Samantala, walang pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Pragmatik at Istratediyik ayon sa kanilang edad (Sig. = 0.089), kasarian (Sig. = 0.937), posisyon (Sig. = 0.892), pinakamataas na antas ng pinag-aralan (Sig. = 0.857), at bilang ng palihang sinalihan (Sig. 0.465) na pawang mas mataas (>) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay tanggap.

Pinatutunayan sa mga nakalap na datos na maay kinalaman ang erya ng ispesyalisasyon ng mga guro ukol sa Kakayahang Pragmatik at Istratediyik. Kung saan ang paggamit ng angkop na mga kumpas ng kamay sa pagpapahayag ng punto sa pagtuturo at pagtugon sa wastong gamit ng salita ay may malaking epekto sa paglilingang ng kasanayan ng mga mag-aaral. Kung ang gurong tagapaguro ay hindi nalinang sa eryang Filipino hindi magiging madali para sa kanya na maghatid ng mensahe o pumili ng wasto at angkop na paraan sa pakikipag-usap at pagtuturo [14].

Kakayahang Diskorsal. Maryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Diskorsal ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon (Sig. = 0.000) na mas maliit (<) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap.

Samantala, walang pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Diskorsal ayon sa kanilang edad (Sig. = 0.489), kasarian (Sig. = 0.842), posisyon (Sig. = 0.778), pinakamataas na antas ng pinag-aralan (Sig. = 0.639), at bilang ng palihang sinalihan (Sig. 0.230) na pawang mas mataas (>) sa batayang 0.05 Alpha Level of Significance, kaya't ang walang bisang pala-palagay ay tanggap.

Napatunayan sa pag-aaral na ang erya ng ispesyalisasyon ay may malaking gampanin sa kakayahang diskorsal ng mga gurong tagatugon. Binibigyang diin sa pag-aaral ni Parrott[15] na ang kasanayan sa pagsulong wika sa paghahambing, pagbabahagi at paglilingaw ng mga konseptong pangwika ay naayon sa tagal at paraan ng pinag-aaralan ng isang guro. Hindi magiging madali ang pag-uugnay ng mga tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto na naayon sa kategorya kung ito ay hindi pinag-aaralang mabuti ng guro o hindi nalinang sa kanya ang kakayahang diskorsal.

4. Mungkahing Programang Interbensyon para sa Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Guro ukol sa Resulta ng Pananaliksik

Ang Talahanayan bilang 8 ay naglalahad ng mungkahing programang interbensyon para sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ayon sa Kakayahang Lingguwistiko, Kakayahang Sosyolingguwistiko, Kakayahang Pragmatik at Istratediyik, at Kakayahang Diskorsal na base sa resulta ng pananaliksik.

Table 8: Mungkahing Programang Interbensyon para sa Komunikatibong Kasanayang Pangwika ng mga Guro

Komunikatibong Kasanayan	Nangangailangan ng Atensyon	Mungkahing Program	Nakaatas na Personalidad	Kabuuang Panahon
Kakayahang Lingguwistiko	Pagsulat ng akdang pampanitikan na may pagsunod sa istrukturang wika at tuntunin ng balarila.	Pakikilahok ng mga guro sa mga palihang ukol sa pagsulat ng akdang pampanitikan.	Tagapamanihala o Prinsipal ng Paaralan	Taunang Panuruan
Kakayahang Sosyolingguwistiko	Sensetibo sa paggamit ng dayalekto at barayting wika sa pagtuturo.	Pagbuo ng manual na programa hinggil sa paggamit ng dayalektong pangwika.	Tagapamanihala o Prinsipal ng Paaralan	Taunang Panuruan
Kakayahang Pragmatik at Istratediyik	Pagtugon sa suliraning pangkomunikayon na humahadlang sa matagumpay na pagpapahayag o mabisang pagkakaintindi.	Pagbuo ng diksyonaryo para sa matagumpay at mabisang pagkakaintindi.	Tagapamanihala o Prinsipal ng Paaralan	Taunang Panuruan
Kakayahang Diskorsal	Nakiisa sa panuntunan hinggil sa kantidad, kalidad, relasyon, at paraan ng kombensyon.	Prayoridad sa pakikiisa sa panuntunan sa kantidad, kalidad, relasyon at paraan ng kombensyon para sa mga guro.	Tagapamanihala o Prinsipal ng Paaralan	Taunang Panuruan

IV. KONKLUSYON

Batay sa mga natuklasan, malaking bilang ng mga gurong tagatugon ay nasa katamtamang katandaan, babae, may units sa Masteral, Tisser I, eryang ispesyalisasyon na Filipino, at may hustong bilang ng palihang sinalihan. Ang mga gurong tagatugon ay “Lubhang Mahusay” sa kasanayang pangwika. Maryoong pagkakaiba sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro ukol sa Kakayahang Lingguwistiko, Kakayahang Sosyolingguwistiko, Kakayahang Pragmatik at Istratediyik, at Kakayahang Diskorsal ayon sa kanilang eryang ispesyalisasyon. Ang mungkahing programang interbensyon ay ukol sa sulosyon para sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro.

Ang mananaliksik ay nagpapanukalang ang tagapamanihala o prinsipal ng paaralan ay maaaring magsagawa ng pagsasanay ukol sa sa pagsulat ng akdang pampanitikan. Iminumungkahi sa mga tagapamanihala o prinsipal ng paaralan ang agarang pagbuo ng manual na programa hinggil sa paggamit ng dayalektong pangwika. Maaaring bumuo ng diksyonaryo ang mga koordineytor sa asignaturang Filipino bilang solusyon sa matagumpay at mabisang pagkakaintindi. Bigyang prayoridad ng mga tagapamanihala o prinsipal ng paaralan ang pakikiisa sa panuntunan sa kantidad, kalidad, relasyon at paraan ng kombensyon para sa mga guro. Magsagawa ng isa pang pag-aaral ang mga mananaliksik sa Filipino na may kahalintulad o kaugnay sa kasalukuyang pag-aaral upang makonpirma ang resulta o kinalabasan nito.

V. ACKNOWLEDGEMENTS

The researcher is very grateful and acknowledges Pastora Joyce Yang for her constant prayer and trust to do this study well; to the parents, Mrs. Nenie D. Dragon and G. Joel R. Dragon, and siblings, Loraine D. Dragon and Joseph Christian D. Dragon, for their tireless love, support and understanding to complete this research. The researcher also express her gratitude to her love of her life, Raylan Pacheco, and to her angel, Ryelli Dragon Pacheco, for being an inspiration and unending support. You are the one who have contributed the most to finish this research and graduate. Above all, to our Almighty God who never tires of lending wisdom and financial need to carry out this research. To all of you, heartfelt thanks.

REFERENCES

- [1] Lozarita, M.T. (2011). *Linguistic diversity and English preference and the level of English acquisition among college students in Davao City*. An Unpublished dissertation. UM, Davao City.
- [2] Hymes' Theory of Communicative Competence. (2021, January 5). Retrieved June 14, 2021, from <https://socialsci.libretexts.org/@go/page/80425>
- [3] Halliday MAK 1985 Introduction to Functional Grammar London: Edward Arnold.
- [4] Malinowski, B. (2011). Excerpt from 'Magic, Science and Religion'. *Anthropology of religion* ; 2, 179-186.
- [5] Byram, M. (1997). *Teaching and assessing intercultural communicative competence*. Clevedon: Multilingual Matters.
- [6] Feliciano, Joel P. (2015). *Leadership Effectiveness and Marketing Strategies as Correlates to Student Satisfaction and Loyalty in Selected Higher Education Institutions in Metro Manila*. Manuel L. Quezon University Quiapo Manila. <https://www.ijern.com/journal/2015/September-2015/31.pdf>
- [7] Sevilla, C. et,al (2015). *An Introduction to Research Methods*. Manila: National Book Store. http://danrogayan.weebly.com/uploads/8/2/7/4/82740308/800_research_methods.pdf
- [8] Aragon, O. R., Eddy, S. L., Graham, & M. J. (2018). *Faculty beliefs about intelligence are related to the adoption of active-learning practices*. *CBE-Life Sciences Education*.doi://10.1197/cbs.17-05-0094
- [9] Richards, J. C. (2011). *Exploring teacher competence in language teaching*. *The Language Teacher*, 35(4), 3. <https://doi.org/10.37546/jaltlt35.4-2>
- [10] Sarimsakova, D. (2020). *THE MODELS OF COMMUNICATIVE COMPETENCE: DEVELOPING SOCIOLINGUISTIC COMPETENCE IN EFL TEACHING*. *Конференции*, 9. <https://doi.org/10.47100/conferences.v1i2.311>
- [11] Levitan, K. M. (2001). O soderzhanii ponyatiya “kommunikativnaya kompetentnost” [About concept notion “communicative competence”]. Ekaterinburg: Izdatel'stvo ABM.
- [12] Lenchuk, I., & Ahmed, A. (2014). *Teaching Pragmatic Competence: A Journey from Teaching Cultural Facts to Teaching Cultural Awareness*. *TESL Canada Journal*, 30(7), 82. <https://doi.org/10.18806/tesl.v30i7.1153>
- [13] Schneider, B. A., Avivi-Reich, M., & Daneman, M. (2014). *How age and linguistic competence alter the interplay of perceptual and cognitive factors when listening to conversations in a noisy environment*. *Frontiers in Systems Neuroscience*, 8, 1. <https://doi.org/10.3389/fnsys.2014.00021>
- [14] Lavender, Susan. (2015). *Towards a framework for language improvement within short in-service teacher development programmes*. In H.Trappes-Lomaz & G. Ferguson (Eds). *Language in language teacher education* (pp. 237-250). Amsterdam, The Netherlands: John Benjamins.
- [15] Parrott, Martin. (2016). *Grammar for English language teachers*. Cambridge: Cambridge University Press.